



COUNTY NG SAN DIEGO

MGA BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA MADALIANG PAHAYAGAN
Ika-5 ng Nobyembre, 2018
Kontak: Juanito R. Amor Jr. (858) 505-7257

ANG ELEKSYON AY SA MARTES – ALAM BA NINYO KUNG SAAN BOBOTO?

I-tsek ang Inyong Sampol na Balota o Hanapin sa Online

Ang Gubernatoryal na Pangkalahatang Eleksyon ay sa Martes, ngunit maaari na ninyong mahanap ang inyong lugar ng botohan ngayon. Ang lokasyon ay nakalista sa likod ng Pamplet ng Sampol na Balota at Impormasyon para sa Botante na ipinadala sa inyong tirahan o maaari ninyong gamitin ang [tagahanap ng lugar ng botohan](#) sa online. I-type ang inyong adres at click ang submit upang mahanap ang lugar ng botohan sa inyong kapitbahayan.

Ang mga lugar ng botohan ay maaaring magbago sa bawat eleksyon, kaya't pinakamabuting doblehin ang pagtsek bago pumunta.

Maaari din ninyong [tingnan ang inyong sampol na balota](#) sa online.

Kung mayroon kayong isang balotang pangkoreo ngunit hindi pa ito ipinadala, maaari ninyo itong i-drop-off sa alinman sa 1,542 mga lugar ng botohan.

Maaari din ninyong dalhin ang inyong balotang pangkoreo at bumoto nang personal sa opisina ng Tagapagrehistro na matatagpuan sa 5600 Overland Avenue, San Diego, 92123. Ang mga botante ay maaaring bumoto sa pagitan ng ika-8 ng umaga at ika- 5 ng hapon, Lunes at ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi sa Araw ng Eleksyon.

"Sa ngayon, kami ay nakatanggap na ng, 430,000 mula sa higit sa 1,200,000 mga balotang pangkoreo na ipinadala sa mga botante. Ang mga ito ay kasalukuyang pinagbubukod-bukod at ini-scan upang maihanda ang mga ito sa pagbilang ng tama kapag nagsara ang mga botohan ng ika-8 ng gabi sa Gabi ng Eleksyon sa Martes." sabi ng Tagapagrehistro ng mga Botante na si Michael Vu.

Para sa mga botante na nangangailangan ng tulong sa wika, ang mga materyales sa eleksyon ay makukuha din sa Spanish, Filipino, Vietnamese at Chinese.

Para sa karagdagang kaalaman sa pagboto sa Ika-6 ng Nobyembre na eleksyon, tumawag sa (858) 565-5800 o bisitahin ang [sdvote.com](#).

COUNTYNEWSCENTER  